

SFADC GABAY PARA ALAMIN ANG IYONG KARAPATAN ANG PAGPAPATIBAY SA MGA TIRAHAN AT GUSALI, LABAN SA LINDOL

Ano ba ito?

Ipinatupad ng ating lungsod ang pagpapa-retrofit or pagpapatibay ng mga gusali na gawing ligtas ito laban sa anumang lindol. Sa pagsapit ng September 2020, ang mga nagmamay-ari ng mga paupahan at gusali ay dapat nakumpleto ang lahat ng kailangan na patibayin ang mga gusaling nangangailangan na mapatibay o maretrofit. Kung nais niyong i-check kung ang gusali ninyo ay nakalista sa ating lungsod, mag log-on sa <https://sfdbi.org/softstory> at hanapin ang Soft Story Properties List.

Ano ang gagawin konstruksyon sa pagpaparetrofit ng gusali?

Gagawin lamang ang konstruksyon sa ibaba ng gusali, madalas sa loob ng garahe, para mapatibay ang istraktura ng gusali, kung sakaling magkaroon ng lindol. Ang garahe o ang commercial space sa ibaba ang pinaka mapanganib na lugar sa kagitnaan ng lindol. Ito ang dahilan kung bakit kailangang mapatibay ang mga gusali.

Kailangan ko bang lumikas sa aking tirahan?

Sa karamihan ng mga situasyon, HINDI mo kailangang lumikas. Kung nakatira ka sa ibabang bahagi ng gusali o sa in-law apartment na katabi ng garahe, baka kailanganin mong lumikas mula sa tirahan mo upang masimulan ang pagpapatibay ng gusali.

Kung nakatira ako sa ibabang bahagi ng gusali, paano ko malalaman kung kailangan kong lumikas?

Base sa State law, kailangan mo makatanggap ng written 60-day temporary eviction notice (30-days temporary eviction notice kung wala pang isang taon kang naninirahan sa iyong tahanan). Ang nagmamay-ari ng paupahan ay dapat mayroong mga permit na naka-apply at na-aprubahan ng Department of Building Inspections bago siya mag-hain ng temporary eviction notice.

Dapat may matatanggap ka ring kalahati ng relocation benefits (para sa presyo ng relocation benefits, maaring makipag-ugnay sa mga organisasyong nakalista sa ibaba), at ang isang kalahati ay matatanggap mo sa iyong pansamantalang paglikas. Dapat nakasulat sa notice na may karapatang kang bumalik sa iyong inuupahan at dapat nakasulat din ang mga petsa kung kailan matatapos ang pag-retrofit (ang mga petsa nito ay dapat nakatakda). Pinapayuhan namin kayo na sumulat sa nagmamay-ari ng iyong inuupahan na IKAW AY BABALIK kapag natapos na ang pagpapa-retrofit. Kung hindi ka nakapagpadala ng sulat sa nagmamay-ari, hindi mo kailangang mangamba. May karapatan ka pa rin na bumalik sa iyong inuupahan. Maari mong ipadala ang sulat sa mas late na petsa.

Para sa karagdagang tanong, maaring makipag ugnay sa isa sa mga organisasyong nakalista sa ibaba.

Ang organisasyong nakalista sa ibaba ay may tenant counseling sa wikang Filipino at Ingles:

South of Market Community Action Network (SOMCAN)

www.somcan.org/services

1110 Howard Street

Wikang Ingles: (415) 255-7693

Wikang Filipino: (415) 552-5637

Maaring tumawag at makipag appointment kay Gene o Raymond.

Mayroon ding Tenant Counseling ang SOMCAN sa Excelsior Works!

Tuwing Biyernes, 10AM-6PM.

5000 Mission Street

Maaring tumawag sa Filipino number ng SOMCAN at makipag appointment kay Gene.

Ang mga organisasyong nakalista sa ibaba ay may tenant counseling sa Espanyol o Ingles:

CAUSA JUSTA::JUST CAUSE

2301 Mission Street, #201

Para sa kanilang bukas na oras mag log-on sa <http://cjjc.org/tenant-services>

HOUSING RIGHTS COMMITTEE

www.hrcsf.org/counseling.html

Opisina sa Mission District:

415-703-8644

1663 Mission, #504 @13th St

Opisina sa Richmond District:

415-947-9085

4301 Geary @ 7th Ave

SF TENANTS UNION

558 Capp Street

415-282-6622

Hanapin ang counseling hours sa www.sftu.org/sched/, at siguraduhing i-check ang binabalak na araw ng pagbista dahil ang oras ng counseling ay maaring magbago.